

1

“The best ka talaga, Kuya. Kanina pa nag-iingay ang tiyan ko sa gutom, eh. Nagsangag ka ba?” tanong ni Allison sa nakatatandang kapatid na si Ashton, naamoy na niya ang niluluto nito pagbukas pa lamang niya ng pinto sa flat nila.

Kapwa flight attendant ang magkapatid sa isang Middle East airline. Naunang nagtrabaho roon ang kuya niya at matapos ang dalawang taon ay pinasunod siya nito. At ngayon ay dalawang taon na rin siya sa nasabing airline.

“Opo, señorita. Walang labis, walang kulang po sa almusal n’yo. Nakapag-brew na rin po ako ng coffee,” pabirong sabi nito habang malambing na ginugulo ang buhok ng nakababatang kapatid.

Malaki ang pagkakahawig nila. Kapwa parang nagbabad sa beach ang mga kulay nila, more on tan kaysa moreno, magaganda ang mata at matangos ang mga ilong. Bukod sa pisikal na kaanyuan ay hindi rin sila nagkakalayo ng ugali kaya magkasundong-magkasundo sila, pero tulad din ng ibang magkapatid, kung minsan ay nagkakasira rin sila ngunit paglaon ay nagkakabati rin.

Bitbit ang mga pagkain, nagtungo na sila sa dining area kung saan may rectangular dining table na pang-apat.

“Bakit dalawa lang ang nai-set mong plates?” nagtatakang tanong ni Allison.

“Na-pull sa flight si Kirsten papuntang London yesterday, mamaya pa ang balik.”

Si Kirsten ay ang flight attendant na unang kita pa lang ni Ashton ay nagustuhan na nito. Ang love-hate relationship ng mga ito ay nauwi sa pagpapakasal sa Philippine Embassy makalipas ang isang taon.

“Kumusta flight?” usisa nito sa kanya.

Bago nakasagot si Allison ay naghikab siya na halos kasya na yata ang elepante sa bibig niya. Alas dos kasi ng madaling-araw sila umalis ng grupo niya mula sa hotel na tinutuluyan nila sa Colombo, kaya umaga ang dating nila sa Middle East.

“Ayun, the usual. You know how it is, tahimik lang naman ang mga pasahero sa Colombo, di ba? Nakakaantok lang talaga kasi alanganin ang alis.”

“Sabagay, tama ka diyan. Nga pala mamaya, ikaw na ang gumawa ng dinner mo. Susunduin ko si Kirsten ’tapos sa labas na kami kakain. Late na

siguro kami makakauwi kasi baka manood pa kami ng movie. Mag-lock ka ng pintong maigi ha, bingengot ka pa naman. Baka may nakakapasok na, hindi mo pa alam. Itabi mo ang cellphone mo sa 'yo, tawagan mo ako kaagad pag may problema.”

Umikot ang mga mata ni Allison sa tinuran ng kapatid. “Really, Kuya! Ang tanda-tanda ko na, you still treat me na parang seven years old lang ako. Saka hello 'no, pag nasa out station naman ako sanay akong mag-isa dahil wala ka naman doon to ward off bad guys.”

Napailing na lang si Ashton. Kahit twenty-three na siya ay hindi pa rin maalis rito ang pagiging overprotective nito sa kanya. Ito at ang panganay nilang lalaki na si Austin ay bantay-sarado kay Allison simula noong maliliit pa sila, palibhasa ay nag-iisang babae ang bunso nila.

“Bunso, gawin mo na lang ang sinabi ko, okay? Mag-text ka rin sa akin to inform me na na-ilock mo na ang mga pinto. Sige na, bilisan mo ang kain diyan at matulog ka na. Daig mo pa ang addict sa pamumula ng mga mata mo.”

Parang batang binelatan ng dalaga ang kapatid at magaan na batok naman ang tugon nito sa kanya. *OA talaga ni Kuya, as if naman hindi ako sanay mag-*

isa.

Matapos kumain, kahit antok na antok na ay kinuha niya ang maruruming damit sa maleta niya at nagpunta sa maliit na kuwarto na kadalasang ginagawang servants' quarters ng mga umuupa sa building na ginawa naman nilang laundry area. Para hindi sayang ang oras niya ay nag-shower na muna siya at iniligpit ang iba pa niyang gamit hanggang sa narinig na niya ang malakas na buzzer ng washing machine. Pagkalipat niya ng mga bagong labang damit sa dryer ay muli siyang nagtungo sa silid niya.

Suot ang flannel na pajama ay halos gumapang na siya papunta sa double bed. Isinara niya muna ang makapal na kurtinang midnight blue ang kulay na may print na stars and moon para kahit paano ay maging madilim ang kuwarto. Halos ika-sampu na noon ng umaga. Para makatulog siya ay kinuha niya sa side table sa kanan niya ang pantakip sa mata para ma-filter nang husto ang kaunting liwanag na tumatagos pa rin sa kurtina. Wala pang sampung minuto siyang nakakahiga sa kama ay mahimbing pa sa sanggol ang tulog niya.

Nagising si Allison na kumukulo ang tiyan sa gutom, ayon sa alarm clock sa night stand ay alas seis na ng hapon.

Dahil tinatamad magluto, minabuti niyang noodles na lang ang kainin. *Hay, buti pa sina Kuya kahit kasal na may pa-date-date pang nalalaman. Ako kaya, kailan magkaka-date?*

Hindi sa walang nag-aaya sa kanyang mag-date. Hindi lang niya talaga feel ang mga naka-date niya noon bukod doon ay walang pumapasa sa standards ng mga kuya niya. Kahit na nasa hustong edad na kasi siya ay pinahahalagahan pa rin niya nang husto ang opinion ng mga kapatid. In fairness sa mga kuya niya, most of the time, tama ang unang impression nito sa mga nagtatangkang pumorma sa kanya.

Dinala na niya sa silid ang cup noodles at binuksan ang twenty-one-inch TV at walang tigil na pinindot ang remote control hanggang sa makakita siya ng isang palabas sa *HBO* na nakakuha ng kanyang atensyon.

Palabas ang *Serendipity*, na tungkol sa dalawang tao na nagkakilala at nagkagustuhan habang pareho silang committed. Muling nagkita ang mga ito a few years later noong ikakasal na sana ang lalaki, pero sa huli, ang mga ito rin ang nagkatuluyan.

Parang may kung anong kumurot sa puso ni Allison habang pinapanood ang pelikula. Kinikilig siya, at the same time nalulungkot kapag naalala ang

sarili niyang love story. Napabuntong-hininga siya nang matapos ang palabas.

Nangyayari kaya iyon sa totoong buhay? Wish niya lang mangyari sa kanya iyon; minus the long wait and heartache siyempre. Totoo nga kaya kapag may isang tao na nakalaan para sa atin, kahit ano ang mangyari, siya at siya pa rin ang makakatuluyan natin?

Haller, umayos ka nga, Allison!

Walang lugar sa malupit na mundo ang hopeless romantic na tulad niya. Dapat paalalahanan niya ang sarili sa kung ano ang pinagdaanan niya six years ago.

Muli siyang napatingin sa relo sa tabi ng kama niya, late na pala. Kahit na kinontra niya ang kapatid kanina lang sa mga bilin nito ay ginawa rin niya ang mga sinabi nito. Pagkatapos mag-text sa kuya niya na na-double check na niya ang pagkaka-lock ng mga pinto ay binuksan na niya ang laptop niya at nag-check online kung may nabago sa mga rostered flights na gagawin niya sa mga susunod na araw. So far ay wala namang nabago, tuloy pa rin ang flight niya sa New York sa darating na Linggo kaya inihanda na niya ang mga damit patungong New York.

Natuwa si Allison nang sabihin ng chief cabin nila— ang nagsisilbing leader ng mga crew sa flight— sa briefing bago sila pumunta sa *JFK Airport* sa New York, na kalahati lang ang load ng business class kung saan siya naka-assign magtrabaho. Karamihan kasi ng mga business class na pasahero kung hindi abala sa kakapindot sa laptop o pagbabasa ng dyaryo ay matutulog lang sa flight lalo na ngayon na gabi ang flight nila mula New York patungong London.

“Miss, when you get the chance, I’d appreciate it very much if you could hang my coat for me.”

Bago hinarap ang pinanggalingan ng tinig ay inihanda niya na ang isang magalang na ngiti. Napako na sa mga labi ni Allison ang ngiti niya, her heart slammed into her ribs and she could swear her pulse was racing.

Drew? Oh, my gosh! Huminahon ka, Allison! Utang-na-loob, tanggalin mo na ang ngiti sa mukha mo and say something!

Nakita niya sa mukha ng lalaki na pati ito ay nagulat, but it was evident that he was pleased to see her dahil namuo ang isang makapigil-hiningang ngiti sa mga labi nito.

“Bunso! It has been a long time! Kumusta ka na? Hindi ko alam na dito ka pala nagwo-work.”

May kung anong kilig siyang naramdaman nang tawagin siya nito sa palayaw na miyembro lang ng pamilya niya at si Drew ang tanging gumagamit.

’Eto, kandarapa pa rin sa ’yo, kamote ka, despite ng mga ginawa mo sa akin! Paano mo malalaman na dito ako nagwo-work, eh, after you’ve broken my heart into a million pieces, nawala kang parang bula. Saglit na nag-flashback sa isip niya ang nakaraan.

“Eto, okay naman. Ikaw, kumusta na?” Nagulat si Allison sa sarili dahil kaya pa pala niyang magsalita nang hindi nagkakautal-utal sa kabila ng epekto ng muli nilang pagkikita ni Andrew de Guzman.

“You have no idea how happy I am to see you,” iiling-iling na sabi nito na para bang hindi makapaniwala na muling nagkrus ang landas nila habang inilalagay sa overhead bin sa ibabaw ng upuan niya ang laptop bag at coat cover nito.

I bet you are. Naalala mo nga naman na you once had me at the palm of your hand.

“I’d love to talk, Drew, pero medyo busy, eh. Akin na iyang coat mo, i-hang ko muna.” Bago makasagot ang binata ay tinalikuran na niya ito.

Wish You Were Mine - Leira Carlos

Habang nanginginig ang mga kamay na nanlalamig din at the same time ay inilagay na niya ang coat ni Drew sa hanger at isinabit iyon sa closet.

Kinagalitan niya ang sarili sa pagkilos niya na animo isang teenager. Matagal na niyang natanggap sa sarili that she was just a substitute girlfriend. Sa kabila ng ipinakikita niyang indifference sa presensya ni Drew, alam niyang sandali lang sila mag-usap at magkasama nito ay mabilis pa sa alas kuwatro na babalik ang nararamdaman niya para rito.

2

As expected, kaunti lang sa mga pasahero ang kumain ng light dinner na ni-serve nila. Ang ibang pasahero pagka-take-off pa lang ay naglagay na agad ng ‘*Do Not Disturb*’ sticker para malaman ng mga stewardess na huwag na silang gisingin para kumain. Hindi niya alam kung matutuwa siya o maiinis na hindi kasama si Drew sa mga pasaherong iyon.

Sa tuwing ang binata na ang pinagsisilbihan nila ni Farhat, ang flight buddy niyang isang Lebanese, conscious na conscious siya sa appearance niya. Iniisip ni Allison kung nahahalata ba ni Drew ang panginginig niya o kung posible man, naririnig kaya nito ang tibok ng puso niya na sa pakiwari niya ay daig pa ang bandang tumutugtog sa fiesta.

Bakit ba kasi ganoon ang epekto nito sa kanya gayong hindi naman ito kagwapuhan? Kung tutuusin, she had dated better looking men than him.

Well, you never could resist his eyes.

Mahahaba at makakapal ang pilikmata nito na light brown ang kulay at sa tuwing nakatingin ang mga ito sa kanya ay waring laging nangungusap ang

mga mata nito.

Lahat na lang ng i-offer nila kay Drew ay kinukuha nito. Palaisipan nga sa kanya kung saan nilalagay ng binata ang mga kinakain nito dahil hindi naman ito katabaan at kung ganito ito kalakas kumain palagi, nakapagtataakang hindi pa ito kasing-laki ng hippopotamus. O baka naman hindi ito kumain buong araw kaya ganoon na lang ang gutom nito?

Sa wakas ay huling bahagi na ng service. Iniaabot ni Allison ang coffee na gaya ng inaasahan niya ay hindi tinanggihan ng binata. Nakaramdam siya ng parang kuryenteng dumaloy mula sa daliri niya hanggang sa anit niya nang hindi sinasadyang nagkadikit ang mga daliri nila habang kinukuha nito ang tasa ng kape at platito.

Against her will, natagpuan niya ang sarili na binabasa sa mukha ni Drew kung pareho sila ng naramdaman.

Nagtama ang kanilang mga paningin at muling nagbalik sa kanya ang damdamin na matagal na niyang pinilit ibaon sa limot. Parang tumigil ang oras nang mga sandaling iyon. Hindi kumukurap na ibinalik ni Drew ang tingin niya. Malagkit ang tingin nito sa kanya. Pamilyar na pamilyar sa kanya ang tingin na iyon and after five long years, ganoon pa

rin ang epekto noon sa kanya.

“I’ll have tea, please.” Para naman siyang binatukan na natauhan nang magsalita ang istorbong pasahero sa likuran ni Drew. Ramdam na ramdam niya ang dugo na umakyat sa mukha niya dahil sa pagkapahiya.

Agad siyang naka-recover. Itinulak niya agad ang trolley patungo sa pasaherong nagsalita, “Shall I put milk on your tea, Sir?” magalang na tanong niya.

Ilang sandali pa ay nakuha na nila mula sa folding tables ang used cups and saucers.

Nakahinga si Allison nang maluwag nang hininaan na ng purser ang intensity ng ilaw matapos ang service nila. Mayroon pa siyang apat na oras para iwasan si Drew. Dalawang oras bago sila lumapag sa *London Heathrow International Airport* ay saka pa lamang sila magsisilbi ng agahan. Aantukin na siguro ito sa dami ng kinain nito kanina at hindi na siya aabalihin pa.

Wrong!

Nakakatatlong subo pa lang siya mula sa crew meal na kinakain nila ng partner niya habang nasa galley sila ng business class ay tumunog na ang chime na nagsasabing isa sa mga pasahero niya ang may

kailangan sa kanya.

Napahugot siya ng malalim na hininga nang makita mula sa pagkakadungaw sa galley na nagsisilbing maliit na kusina sa eroplano, kung saang seat number may umilaw bilang indikasyon na ito ang pinanggalingan ng tawag.

What could he possibly want now?

Narinig ng katrabaho niya ang buntong-hininga niya na napalakas ng kaunti. Inakala tuloy ng Lebanese na naiirita si Allison na hindi niya matapos ang kinakain kaya naman agad itong nagboluntaryo na ito na ang lalapit sa pasahero para tanungin kung ano ang kailangan nito.

Humihingi pa raw ito ng cheesecake ayon sa natatawang si Farhat. Hindi rin makapaniwala ang katrabaho na may ispasyo pa ang pagkain sa tiyan ng binata. Tatlong beses pang naulit tumawag si Drew, each time she had managed to avoid him. Si Farhat palagi ang humaharap dito.

She needed time to think nang walang mang-iistorbo kaya naisipan niya na sa lavatory gawin iyon. Pagpasok niya sa toilet ay ibinaba niya ang toilet seat cover at naupo roon at sinubukang i-analyze ang mga nararamdaman niya.

What had just happened earlier? Siguro guni-guni lang niya iyong nakita niya sa mga mata ni Drew. Nahihibang na ba siya?

Sa dami ng beses na nagkatinginan sila ni Drew ng ganoon noong college pa sila, kung talagang may interes ito sa kanya gaya ng iniisip niya ay naging boyfriend na sana niya ito. Eh, nauwi lang naman iyon sa pag-asa niya na darating ang araw na magpapaalam ito sa mga kuya niya para ligawan siya.

Mabuti pa ay iwasan na lamang niya ito sa buong durasyon ng flight, then they could go their separate ways once they arrived in London.

Baka curious lang siguro ako if he actually felt the same way about me back then.

Tatlong taon ang tanda ng Kuya Ashton niya kay Drew. Same street lang ang tinitirhan nila kaya naman naging best friend ito ng kuya niya at maging ang panganay nilang si Austin ay malapit din dito. Nag-iisang anak lang ang binata kaya naman simula nang pumunta sa Amerika ang mga magulang nito noong twelve years old pa lang ito ay halos sa bahay na nina Allison ito nakatira.

Kapag walang pasok ay pumupunta ito sa kanila umaga pa lang, sa kanila na nga nag-aalmusal,

tanghalian at kung hindi pa susunduin ng tiyahin nito ay doon na rin ito sa kanila maghahapunan.

Noong una ay parang extra kuya lang ang tingin niya rito but all that changed when she turned sixteen. Excited siya palaging umuwi mula sa school dahil alam niya na pagdating niya ay naglalaro na ng basketball sa garahe nila ang mga kuya niya at si Drew.

Naudlot ang flashback sa isip ni Allison nang marinig niya ang nagmamadaling pagpihit ng knob ng pintuan mula sa labas ng lavatory. Agad siyang tumayo, tiningnan ang sarili sa salamin at lumapit sa pinto.

Pagkabukas niya ng pinto pakiramdam niya ay slow motion ang lahat and yet ironically, mabilis ang mga pangyayari.

Maliit ang banyo sa eroplano kahit alam niya na dapat siyang umiwas ay wala siyang nagawa.

Halata sa mukha ni Drew na pinipigil nito ang sarili pero hindi naging sapat ang pagpupursigi nito, she still ended up having his vomit all over her apron.

Hindi siya nakakilos agad sa pagkagitla, sa daan-daang flights na nagawa niya, ngayon lang ito nangyari sa kanya.

Inabot siya ng tatlumpong minuto sa pagpupunas ng katawan. Mabuti na lamang naniniwala siya sa *Murphy's Law*. Ayon dito, anything that can go wrong will go wrong, kaya lagi siyang may dalang extra blouse, apron at stockings sa small luggage niya. Habang nagbibihis ay hindi niya malaman kung matatawa o maiinis sa nangyari.

Tama bang sukahan siya? *Kung wake up call lang din naman, puwede naman pong ibang paraan na lang, hindi ba?* Tumingala siya sa kisame na waring hinihintay ang sagot mula sa langit.

Paglabas niya sa banyo ay si Drew agad ang bumungad sa kanya. Nakapagpalit na rin ito ng damit. Kanina ay naka-necktie pa ito at longsleeves na polo, ngayon ay naka-polo shirt na.

Paulit-ulit itong nagpaumanhin sa kanya. “You have no idea how sorry and embarrassed I am about the whole thing. Wala kasing airsickness bag sa seat ko.”

“Really, it's okay. Forget the whole thing. Salamat sa isang pack ng wet wipes, hindi na naman ako amoy buffet table, di ba?” pagbibiro ni Allison.

Napansin niya na hindi na siya kinakabahan at nanlalamig sa muli nilang pag-uusap ni Drew.

Nakabuti rin pala ang paliligo niya sa suka nito at least she was reminded na normal na tao lang ito.

“Ang totoo kasi, hindi ako sanay kumain sa eroplano. When I travel I just usually sleep on the plane or read a book. I seldom eat,” paliwanag nito.

“Then why did you?” hindi niya napigil na magtanong.

He looked sheepishly at her saka sumagot, “Gusto ko kasi na makausap ka.”

“Iyon lang pala, eh! You could simply have told me that you wanted to talk. You didn’t have to go as far as give me a shower,” nanunuksong sabi niya.

He raised an eyebrow. “Nagbi-busy-bisihan ka kasi. I’m under the impression na ayaw mo akong kausapin. When you served dinner, you didn’t say a word to me. Whenever I press the call button, instead of you, the guy you work with keeps on showing up.”

Tumangu-tango siya. “So why not just throw up on me, right? That will surely get my attention,” sarkastikong putol niya.

Natawa ito. “It worked, didn’t it?”

Nginitian din niya ito.

Nagkakuwentuhan na sila na parang hindi lumipas ang matagal na panahon. Nalaman niya na nagtatrabaho ito sa isang malaking kompanya sa New York na gumagawa ng mga programs para sa bawat kliyente na may specific needs sa iba't ibang bahagi ng mundo. Madalas itong magbiyahe sa loob ng US at sa major cities sa Europe. Ayon dito, isang linggo ito sa London para alamin ang specific requirements ng kliyente nito para sa bagong program na ipagagawa sa pinagtatrabahuhan nito. Pagkatapos ay tutuloy ito sa Paris, bago muling bumalik ng New York.

“Teka lang, eh, bakit dito ka sa airline namin sumakay, considering that you travel a lot within the US? Hindi ba mas practical na sa *United* ka or *US Airways*? Sabi nga sa commercial, ‘sayang ang miles,’” nakakunot-noong tanong ni Allison, nasanay kasi siya na karamihan ng pasahero nila ay Indian at mga Pakistani na magbabakasyon pauwi sa bansa ng mga ito.

“Unang una, kayo at isa pang Middle East airline ang may non-stop flight from *JFK* to London. Pangalawa, may promo kayo ngayon. Bakit hindi mo alam?”

She rolled her eyes. “Uhm, let’s see, waitress on board kami, we’re supposed to save your sorry

a*s kapag nag-crash ang eroplano, 'tapos kapag nagkaroon ng sunog kami rin ang papatay ng apoy, at kapag may inatake sa puso kami rin ang magbibigay ng CPR 'tapos you expect us to know how much the airfares are?"

Nangiti lang ito sa tinuran niya. He looked at her intently. She felt like her knees were turning into jelly and she would collapse in his arms any minute.

"I've missed this, Bunso, being with you I mean. I've always enjoyed your company. Kahit na ang odd sense of humor mo at ang pagka-sarcastic mo."

Natuwa man sa narinig ay hindi rin niya napigil ang sarili na isatinig ang nasa isip, "Yeah, I bet you do. Kaya pala after mo akong samahan sa debut ni Bianca, hindi ka na nagpakita sa amin. Except noong debut ko but then again, you enjoyed my company so much na pagkatapos ng turn mo sa eighteen roses, nagmamadali kang umalis kasama ng girlfriend mo."

Why did I even bring that up? Baka ni hindi na nga niya naaalala iyon.

That night was probably the most unforgettable night sa buhay niya, that was why it still haunted her years later.

Just like her siblings, mahigpit din sa kanya ang

Wish You Were Mine - Leira Carlos

mga magulang niya kaya nang magpaalam siya na dadalo sa debut ng kaibigan sa *EDSA Shangri-La* ay hindi siya pinayagan. They would let her attend the party if one of her brothers would be willing to accompany her. Neither wanted to be a chaperon, luckily Drew gallantly volunteered.

May live band na tumugtog matapos ang pormalidad ng debut, she and Drew were having a blast. Ikinatuwa niya nang lubos nang hindi pa rin siya inaya ni Drew na maupo nang tinugtog ng banda ang '*Forevermore*', which was originally sang by *Side A*, instead he held her waist while she wrapped her arms around his neck. He stared into her eyes as they sway gently to the music. The song described exactly how she felt at that moment....

Every night,

I've been watching all the stars that fall down

Wishing you will be mine...

Salamat sa nakaimbento ng automatic transmission na sasakyan, on their way home, Drew held her hand. Pakiramdam niya ay nasa cloud nine siya noong mga

sandaling iyon. Wala man itong sinabi tungkol sa nararamdaman nito para sa kanya, sapat na ang mga kilos nito para malaman niya na espesyal ang turing sa kanya ng binata.

Alas dos na ng madaling araw nang tumigil sila sa harap ng gate. Inihatid pa siya nito hanggang sa front door nila. Matagal siyang tinitigan ni Drew na para bang ayaw pa nitong umuwi.

She held her breath when he laid his hand on her cheek and slowly lowered his head.

This is it! My very first kiss!

She slowly closed her eyes and waited for his kiss, which never came, salamat sa pusa na hindi niya alam kung saan nanggaling.

“I, uh, better go. Good night, bunso.”

Damn! That was close! Asar naman itong pusa, oh! Wrong timing!

Nakatitiyak siya noong mga sandaling iyon na he felt the same way about her and it would be just a matter of time bago ito magsabi sa kanya na she was more than just a little sister to him. Pagkatapos ay magpapaalam ito sa mga kuya niya para ligawan siya. That never happened.

3

He stared at her for a long time bago muling nagsalita. “You and I have a lot to talk about, Allie. How long will you be staying in London?”

Two whole days lang sina Allie roon excluding their day of arrival at lilipad na muli ang pangkat nito patungong Middle East.

Sa kabila ng pag-iwas nito sa kanya noong una ay napapayag din ito ni Drew na magkita sila sa hotel para sabay na maghapunan.

What he saw completely knocked the breath out of him. Nakalugay na ang buhok nito na hanggang likod at may light makeup at peach lipstick. Ang beige turtle neck na yari sa wool na fitted top na suot nito showed off her curves, nakapalda itong plaid brown, rust at beige na hanggang kalahati ng hita nito ang haba na tinernuhan ng brown na leather boots that almost reached her kneecap. Nakasabit sa braso nito ang isang overcoat na dark brown.

Mula sa pagkakaupo niya sa table sa mezzanine ng restaurant sa hotel ay pinagmasdan niya ang papaakyat na si Allie.

“Hi, gorgeous.” Hinalikan niya ito sa pisngi at hinila ang isang upuan para sa dalaga.

She blushed at his compliment. Ikinatuwa ni Allie na napansin ng binata ang ayos nito. Ayaw man nitong aminin sa sarili ay talagang pinaghandaan nito ang dinner nila.

They talked animatedly habang wala pa ang in-order nila, just like before noong mga panahong sabay silang pumasok sa university, hindi sila naubusan ng kuwento at paminsan-minsan ay nagkakaroon ng pagtatalo sa magkakaibang pananaw nila sa mga bagay-bagay.

“Pinakamaganda niyan ibalik na ang death penalty.” Nakita ni Drew na napaismid ang dalaga. “Hear me out first. Kung may death penalty, people will think twice before committing a crime. I’m fairly certain na mababawasan significantly ang crime rate.”

“I really don’t agree with that. Dito, walang jury unlike sa States. Imagine the life of a person depends on the judgement of just one person. What if he’s not guilty pero mali ang naging decision ng judge?”

“Kaya nga a person must be proven guilty beyond reasonable doubt para ma-convict, di ba? Hindi naman magdi-decide ang judge out on a whim, he

has evidence to base his judgement on.”

Dumating na ang fish and chips na order ni Allie at porter house steak na order niya ay nagde-debate pa rin sila.

Allie threw her hands up in exasperation, “Look, Drew, we will spend the entire night debating kung alin ang tama. You have your opinion and I have mine. Kahit mag-tumbling ka pa diyan, my stand will still be the same.”

He smiled at her, “You haven’t changed a bit, have you? Nobody, not even people close to you can force their beliefs on you.”

Nagkibit-balikat ito. “That’s me.”

“How’s your fish and chips?” tanong niya rito.

“Hmm, it’s actually good. Want some?” Out of habit, sinubuan siya ng babae.

Ikinatuwa ni Drew nang lubos ang simple gesture na iyon.

Mayamaya ay nakita ni Allie na may gravy sa may gilid ng labi ni Drew. Natatawang pinunasan iyon ng dalaga.

“I see that you yourself haven’t changed a bit as

well. Messy ka pa rin kumain.”

Drew couldn't help but notice her eyes sparkling with merriment.

Kung wala lang tayo sa public na lugar, I'll wipe that smile off your lips with a kiss.

Sa halip ay hinawakan niya ang kamay ni Allie at hinalikan ang palad niyon habang tinititigan ang mga mata nito na waring ipinapaintindi sa kaharap niya kung ano ang nilalaman ng kanyang puso.

Parang napasong si Allie pagkalapat ng labi ni Drew sa palad nito, hinablot nito agad ang kamay at nagpatuloy sa pagkain.

He could not let the night end like that. Aalis na ang dalaga sa susunod na araw at hindi niya sigurado kung kailan niya ulit ito makikita. He lost her once and he would be a fool to let her leave without knowing how he felt about her all these years.

Pagkalapag ni Drew ng bayad sa mesa ay agad na tumayo si Allie.

“It was great catching up, Drew. Let's call it a night. I'm sure maaga ka kailangan sa company na pupuntahan mo tomorrow.”

Hindi nakaimik si Drew. Hindi siya makaisip ng

gimmick para mapahaba pa ang oras na magkasama sila.

Pagdaan nila sa lobby ay nakita niya ang mga brochure ng tourist spots sa London. Nagkaroon siya ng inspirasyon.

“Allie, wait! Bakit ka ba nagmamadali? Don’t tell me na inaantok ka na, natulog ka na buong maghapon after we got here. Pumunta muna tayo sa *Tower Bridge*, maganda doon.”

“Nakapunta ka na pala doon, eh, and I’ve been there a couple of times. Why waste our time?” pagdadahilan nito. Gusto na nitong makalayo kay Drew. Mas ikakatahimik ng mundo niya kung kaunti lang ang babaunin niyang masasayang alaala kasama ito.

Itinuro niya ang isa sa mga brochures na hawak niya at tumingin sa relos na suot. “Eto o, may musical play. If we leave now and take a cab, aabot tayo.”

“I’m not into plays.”

Sinuklay niya ng daliri ang buhok niya sa frustration. *Why is this woman giving me such a hard time?*

“Allie, stop it! I told you we need to talk. Nakikita

mo ba kung gaano karami ang brochures na hawak ko? You can't possibly make an excuse not to go to each one of these."

She rummaged through her purse, looking for something. Ni hindi siya nito tiningnan habang kinakausap siya. "We are talking! We have been, for the past two hours! Sa tagal ng pag-uusap natin na-discuss na natin ang death penalty, abortion, discrimination, election at lahat na ng 'tion' kulang na lang constipation!"

Naubos ang pasensya ni Drew; hinawakan niya ang magkabilang pisngi ng dalaga. "Damn it, Allie, will you at least look at me? I need to tell you that I'm in love with you!" malakas ang boses na sabi niya.

Napatingin sa kanila ang bell boy, receptionist at ilang guests ng hotel na nasa lobby.

Nakikiusap ang mga matang itinuon ni Allie kay Drew at mahinang sinabi, "Drew, you're making a scene."

"That is nothing compared to what I'll do kapag hindi kita nakausap nang matino."

Makahulugang tinignan niya ang mga labi nito at unti-unting inilapit ang mukha niya sa dalaga. Namilog na parang platito ang mga mata nito.

Lumapit na ang isa sa mga bellman na kakilala ni Allie sa dalas ng pananatili nito sa hotel na iyon. Nakita kasi nito na natatakot ang dalaga. Totoo namang ganoon ang nararamdaman nito pero hindi sa dahilang inaakala ng bellman, ayaw lang nitong mapahiya pa lalo sa harap ng mga taong nakakakita ng munting eksenang nagaganap. Agad nitong sinenyasan ang bellman na okay lang ito.

“I’m fine, Frank.” Ngumiti ito para patunay na hindi naman threat si Drew.

Naniwala ang bellman at bumalik na sa kinatatayuan nito.

Inalis ni Allie ang mga kamay niya sa pisngi nito. “You really don’t take no for an answer, do you?” iritableng tanong ng dalaga sa kanya.

Naglalakad na sila patungo sa bus station na magdadala sa kanila sa station ng Picadilly line.

Lumingon sa kaliwa si Drew at akmang hahakbang na ito para tumawid pero para itong aso na nakatali sa kadenang maikli na biglang napabalik sa pinanggalingan nito. Sa lakas ng puwersa ng humatak dito ay halos mawalan na ito ng balanse. Hindi pa man nakaka-recover ay may rumaragasang sasakyan

na dumaan sa dapat ay katatayuan nito kung hindi ito nahatak ni Allie pabalik.

“What the hell was that driver thinking? He’s on the wrong side of the road!” yamot na yamot na sabi nito.

“What the hell were *you* thinking?” balik ni Allie “This is England! Right-hand drive cars, remember? Look on your right before crossing? Sounds familiar?” tanong niya na parang ulyanin na ang kausap.

Nagliwanag ang mukha ni Drew at nagkamot ng ulo. “I completely forgot. See! Buti na lang sumama ka sa akin kung hindi, pinaglalamayan na siguro ako!” nakangising sabi nito.

“You think?” Nakataas ang gilid ng nguso niya at ang isang kilay. “Kung nilubayan mo na ako kanina sa hotel, mas maaga ka makakauwi so you wouldn’t be crossing the street habang paparating iyong kotse na iyon kanina. You would also be heading in the other direction. Things would have been different.”

Nawala ang ngisi sa mga labi ng binata. “If I had told you how I felt about you a long time ago, things would have been different,” he said quietly.

Parang walang narinig, hindi siya nagkomento sa sinabi ni Drew.

Sinabi na niya na minahal ka niya before. Satisfied na ba ang curiosity mo? More importantly ang pride mo?

Pero bakit imbis na matahimik ang kalooban niya ay lalo lamang bumigat ang pakiramdam niya? She could not suppress the thoughts of what could have been ngayong nalaman na niya that he felt the same way about her.

Alam ni Drew na madalang na ang mga tao sa *Tower Bridge* kapag ganoon na ka-late, kahit tumanggi si Allie noong nasa hotel sila na pumunta roon, naisip niya na mas makakapag-usap sila doon nang maayos. Romantic na rin ang setting, mula sa bridge ay tanaw ang *St. Paul's Cathedral* at *Canary Wharf*. Nasa ilalim naman ng kinatatayuan nila ang *Thames River*. Noong mga oras na iyon ay solo nila ang bridge, walang tao roon maliban sa kanila. Ipinatong ni Drew ang dalawang braso sa railing at hindi muna kumibo, iniisip kung paano magsisimula.

“Can you tell me now what the fuss is all about? You better have a good explanation for dragging me across London,” nakahalukipkip na tanong ni Allison sa kanya.

“I meant what I said about being in love with you.”

“And you fell in love with me after seeing me last night?” hindi naniniwalang untag nito.

“No... yes! Okay, will you please stop staring at me with that look on your face. I want to settle everything between us.” Nawawalan ng direksyon ang isip niya sa nakikitang skepticism sa mukha ng dalaga.

Hinarap lamang nito ang railing at ipinatong ang mga kamay nito roon at pinagmasdan ang tubig.

“Allie, you have no idea how long I have loved you,” muli niyang panimula. Kung narinig o naintindihan man nito ang sinabi niya ay walang kahit na anong indikasyon mula rito. Humugot siya ng isang napakalalim na hininga. Kinuha niya ang isang kamay nito at iniharap sa kanya.

Nakikiusap ang mga mata niya. “Please believe me; I tried so hard to forget you. I thought I succeeded, but seeing you again last night brought back every emotion I tried to suppress for the longest time.”

“Let me get this straight. You loved me for a long time but you wanted to forget me because the idea of loving me is so repulsive that you have to avoid me like a plague and leave the country as a final touch?” Kahit na sarkastiko ang pagkakasabi ay halata sa

bores ng dalaga ang hinanakit.

“No! That’s not it at all! Please stop drawing conclusions of your own.”

“Last night, binanggit mo ang debut ni Bianca, that was the happiest night of my life. I felt that I was finally able to have you but I knew I’m not good enough for you and I’ll never be good enough. I’ve done really awful things and I’ve been in relationships that you wouldn’t want to hear about. I knew that I had to forget you because I’ll never be able to have you. Letting go of my feelings for you was one of the hardest things I had to do.”

Blangko pa rin ang tingin nito sa kanya at unti-unti nang namamatay ang pag-asa sa puso niya na may hinaharap na naghihintay para sa kanilang dalawa.

“Well done! I have to hand it to you, Drew, magaling kang mambilog ng ulo. Truth is, I was in love with you. You probably knew that, kaya nga ako ang ginawa mong taga-salo ng excess affection mo sa tuwing wala kang girlfriend. You must have missed having a spare girlfriend na puwede mong i-discard when a new girl, who is worthy to actually be called your girlfriend, comes along.”

He grabbed both of her shoulders and shook her. “Listen to me! You were never a spare girlfriend! You were the one I always wished to be my girlfriend. I don’t know when I started to fall in love with you. I just realized it on your senior prom when I found myself wishing so badly that I were your date. You looked so pretty on that black evening gown, with your hair hanging over your shoulders.”

He remembers how I looked that night. Gustong paniwalaan ni Allie ang mga sinasabi ni Drew ngunit takot siyang masaktang muli.

Nakita ni Drew ang pagbabago sa anyo niya at nakadama ito ng kaunting pag-asa, hinagod nito ng palad ang pisngi niya.

“You’re right, I knew you had feelings for me. I don’t know which hurts the most—whether it’s knowing that you love me too but we could never be together, or having to get rid of the feelings I have for you, knowing that I’m causing you a great deal of pain in doing so.”

“W-what’s the hardest thing you had to do?” Nakita ni Allie ang pagkalito sa mukha ni Drew kaya nagpatuloy siya, “You said one of the hardest things you had to do is letting go of the feelings you have for me, what’s the hardest one?”

Nanginginig ang mga labi ng binata sa pagpipigil na matawa. “The hardest thing I had to do was to stop myself from knocking the teeth off of your escort noong debut mo. I swear I saw him leering at you.”

She giggled and furrowed her brows. “Wait a minute, what right do you have na magselos, eh, nagmamadali ka ngang umalis kasama ang girlfriend mo?”

“Because I couldn’t stand seeing you with that guy. I kept on thinking na ako dapat ang nasa tabi mo. You looked so pretty that night. Hindi mo ba napansing wala akong girlfriend na nagtatagal, even the girl you saw with me noong debut mo. We had a fight because she noticed the way I looked at you. Please tell me you still have feelings for me, or else tatalon ako dito.” Isinampa na nito ang isang paa sa railing.

Yumuko si Allie at muling hindi nakakibo. Pakiramdam niya ay nananaginip siya nang gising. Hindi na niya kayang labanan ang sinasabi ng puso niya.

Drew loves me, after all these years of longing for him, he actually loves me.

“Please say something!” pakiusap ng binata nang

parang isang milenyo na ang lumipas ay hindi pa rin siya kumikibo.

When she finally looked at him, tears were shimmering in her eyes. “I love you, too. I think I have loved you even before you realized your feelings for me.”

When her tears fell from her eyes, he tenderly brushed them away with his thumbs and kissed her where his thumbs had been.

“I think I agree with you,” sang-ayon nito; napangiti na tila may naalalang kakatuwa. “Naalala ko, one time when I was driving the car, nasa backseat ka while your kuya was in front, I mentioned that I might be staying in the US after I graduate. Akala mo hindi kita nakikita, pero I saw you sa rearview mirror shaking your head from side to side habang nakakunot ang noo mo all the while you were mouthing the word ‘no’.”

“I did no such thing!” mariing tutol ni Allie.

He caught her chin between his fingers and looked at her as if he was looking into her soul. His other hand on her lower back gently pulled her toward him. His gaze never wavered as he slowly lowered his head until his lips touched hers softly.

Wish You Were Mine - Leira Carlos

They parted after what seemed like eternity. Niyakap siya ni Drew nang pagkahigpit-higpit na parang natatakot itong mawawala siyang muli sa harap nito kung bibitiwan siya. Hinalikan nito ang sentido niya.

“I love you so much. I still can’t believe you’re in my arms now.”

“Neither can I. You have no idea how long I cried over you when I found out na may girlfriend ka na namang bago, just a few days after nating maging sweet with each other sa debut ni Bianca.”

“I’m so sorry for the pain I caused you. I’ll never make you cry again. If I ever make you cry, it will be because of happiness.” Muling hinagkan ni Drew ang mga labi niya na para bang gusto nitong pawiin ang lahat ng hinanakit na naidulot nito sa kanya.